# Update sa Housing Element

## MGA MADALAS ITANONG (FAQs)

1. **Ano ang Elemento ng Pabahay?**
   Ang Elemento ng Pabahay ay isang kinakailangang elemento o kabanata ng Pangkalahatang Plano ng Lungsod. Ang Elemento ng Pabahay ay nagbibigay ng pagsusuri ng mga pangangailangan sa pabahay ng Lungsod at kung paano pinakamatutugunan ang mga pangangailangan sa pabahay na iyon. Ipinag-uutos ng Batas ng Estado na tugunan ng lahat ng lungsod sa California ang kanilang bahagi sa pang-rehiyong pangangailangan sa pabahay para sa mga sambahayan sa lahat ng antas ng kita. Dagdag dito, iniaatas ng Estado na pamamahalaan ng mga plano at patakaran sa paggamit ng lupa ang pagpapatayo ng bahay para sa isang range ng antas ng kita at huwag pigilan nang walang dahilan ang pagpapaunlad ng pabahay.

2. **Bakit dapat i-update ang Elemento ng Pabahay?**
   Ang mga Elemento ng Pabahay ay mandatoryong bahagi ng Pangkalahatang Plano sa California dahil ang paglalaan ng pabahay sa lahat ng mga taga-California ay mahalaga para sa buong estado. Hinihingi ng estado na i-update ng mga jurisdiction ang kanilang Mga Elemento ng Pabahay kada walong taon upang sapat na makapagplano para makamit ang mga pangangailangan sa pabahay ng komunidad at subaybayan ang pag-unlad sa pagkamit ng mga hangarin sa produksyon ng pabahay. Sa paparating na update, ang ika-6 na Siklo ng Elemento ng Pabahay para sa 2021-2029 ay ginagawa na at ang na-update na Elemento ay kinakailangang ipagtibay ng Konseho ng Lungsod at ipasa para maaprubahan ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ng California (HCD) sa Taglagas 2021.

   Sa siklo ng update na ito, di tulad noong mga nakaraang taon, ang Lungsod ay dapat na magbigay ng mas detalyadong roadmap kung paano makakamit ng Elemento ng Pabahay ang ating alokasyon sa RHNA sa bawat antas ng kita. Ang Elemento ng Pabahay ay dapat makumpleto at sumunod sa batas ng Estado ayon sa palugit na oras upang maiwasan ang mga parusa, tulad ng mga multa at pagkawala ng pondo sa transportasyon at abot-kayang pabahay.

3. **Ano ang Regional Housing Needs Assessment (RHNA)?**
   Ang Regional Housing Needs Assessment o RHNA ay isang utos ng estadong itinakda ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad ng California (HCD) na tumutukoy sa kabuuang bilang ng mga bagong yunit ng pabahay na kailangan sa bawat rehiyon sa California. Ang Lungsod ng Long Beach ay miyembro ng anim na county sa rehiyon ng Southern California Association of Governments (SCAG), kung saan kabilang ang mga county ng Los Angeles, Orange, Ventura, Riverside, San Bernardino, at Imperial. Ang SCAG, bilang

pang-rehiyong nagpaplanong grupo, ay responsable sa pagbibigay ng RHNA sa mga miyembrong lungsod at county nito, nang sa gayon ang bawat Lungsod at County ay tumutugon sa bahagi nito sa pang-rehiyong pangangailangan. Ang alokasyon sa RHNA para sa pangkalahatang rehiyon at sa bawat awtoridad, kabilang ang Long Beach, ay hinati sa apat na antas ng kita - lubhang mababa, mababa, katamtaman, at higit sa katamtaman. Ang bawat awtoridad ay kinakailangang ipakita sa Elemento ng Pabahay nito na, sa pamamagitan ng mga patakaran nito sa paggamit ng lupa at kapasidad sa zoning, maaari nitong tugunan ang kabuuang bilang ng RHNA nito pati na ang alokasyon ayon sa antas ng kita. Ipinapakita ng bar chart sa ibaba na higit sa kalahati, 57%, ng kabuuang yunit ng bahay ay dapat mga abot-kayang yunit. Partikular dito, 27% ng kabuuang yunit ng pabahay ay dapat para sa mga sambahayang may pinakamalaking pangangailangan, hal. iyong mga may kitang mas mababa sa 50% ng area median income (AMI).




4. **Ano ang abot-kayang bahay?**
   Ang Lungsod ay inatasang pamahalaan ang produksyon ng abot-kayang pabahay sa mga sambahayan sa iba't ibang antas ng kita. Ang mga kategorya ng kitang ito ay itinakda ng

estado at ayon sa iba't ibang porsyento ng Area Media Income (AMI), kung saan ang pagkita ng 30% ng AMI ay tinuturing na labis na mababang kita, 50% ng AMI ay tinuturing na lubhang mababang kita. 80% ng AMI ay tinuturing na mababang kita at ang nasa pagitan ng 80-120% ay tinuturing na katamtamang kita. Para sa bawat kategorya, ang bahay ay tinuturing na "abot-kaya" kung ang mga nakatira ay nagbabayad ng hindi higit sa 30% ng kanilang kita para sa mga gastusin sa bahay.

Ipinapakita sa chart sa ibaba ang 2020 limitasyon ng kita at mga abot-kayang upa para sa pamilyang may apat na miyembro sa County ng LA ayon sa itinakda ng Estado.

| Family of Four Persons | Income Limit | Affordable Rent |
|---|---|---|
| Extremely Low Income | $33,800 | $845 |
| Very Low Income | $56,300 | $1,408 |
| Low Income | $90,100 | $2,253 |
| Moderate Income | $92,750 | $2,319 |

5. **Anu-ano ang benepisyo sa pag-update ng Elemento ng Pabahay?**
Ang pag-update sa Elemento ng Pabahay ay hindi lamang legal na kinakailangan, kundi tumutulong sa Lungsod na komprehensibong i-update ang mga patakaran at estratehiya ng bahay upang tugunan ang lumalaking krisis sa pabahay sa Long Beach. Ang Elemento ng Pabahay ay maglalaan ng balangkas at gabay kung paano tugunan ang mga patakaran sa pabahay sa Lungsod. Ang isang na-update na Elemento ng Pabahay ay napapakinabangan ng mga residente ng Lungsod sa pamamagitan ng:

- Pagdokumento ng demand sa pabahay at pagpaplano sa mga hinaharap na pangangailangan sa pabahay.
- Pagtukoy ng mga estratehiya sa pagpapanatili ng kasalukuyang abot-kayang pabahay, pagpapataas ng produksyon ng pabahay at pagpapabuti ng kalidad ng pabahay.
- Pagpapaunlad ng mga estratehiya para sa pagbibigay ng tulong sa pabahay para sa mga senior, beterano, at iba pang residenteng may espesyal na pangangailangan.
- Pagpapabuti ng mga proteksyon sa umuupa at pagtatatag ng mga estratehiya upang tulungang mabawasan ang pagkakatanggal.

- Pag-aalok ng tulong sa mga residente tulad ng mga pautang at grant sa rehabilitasyon.
- Pagsusulong ng patas na pabahay.

6. **Paano ito nauugnay sa Pangkalahatang Plano at iba pang patakaran?**
   Ang Elemento ng Bahay ay isa sa labindalawang kabanatang nakapaloob sa Pangkalahatang Plano ng Long Beach at ito ang natatanging Elemento ng Pangkalahatang Plano ng Long Beach na kailangang i-update kada walong taon. Ang na-update na Elemento ng Pabahay ay binubuo gamit ang iba pang kabanatang nakabalangkas sa Pangkalahatang Plano at tinutukoy ang mga patakaran at programang pambahay na pareho sa mga hangarin at layunin ng buong Pangkalahatang Plano.

   Dagdag sa pag-update ng Elemento ng Bahay, ang Pangkalahatang Plano ay ipinag-uutos ng batas ng Estado na ma-update nang pana-panahon. Ang Long Beach ay kamakailang nagpatibay ng isang binagong Elemento ng Paggamit ng Lupa at isang Elemento ng Urban Design upang gabayan ang pagpapaunlad ng Lungsod sa susunod na 20 taon. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang www.longbeach.gov/lbds/planning/advance/general-plan/.

   Para sa higit pang impormasyon sa iba pang kaugnay na kasalukuyang pagpaplano at mga patakaran sa bahay ng Long Beach, pakibisita ang www.longbeach.gov/lbds/programs--projects.

7. **Paano ako makakalahok sa prosesong ito?**
   Magparehistro sa aming email list upang maabisuhan sa mga oportunidad ng pakikipag-ugnayan ng komunidad. Iho-host namin ang mga virtual na workshop, focus group, sesyon sa pakikinig ng komunidad, survey, at gawaing pagbuo ng kapasidad na nakatuon sa mga komunidad na pinaka naapektuhan ng krisis sa pabahay, pati na ang iba pang oportunidad sa pakikipag-ugnayan at edukasyon simula tag-araw 2020. Kung nais mo ng higit pang impormasyon o humiling ng presentasyon para sa iyong organisasyon, pakipadalhan kami ng email sa housingelementupdate@longbeach.gov.

8. **Sino ang magdedesisyon sa mga bahagi sa Update ng Elemento ng Pabahay?**
   Marami sa mga bahaging nasa Update ng Elemento ng Pabahay ay tinukoy ng batas ng Estado, at kabilang ang pagsusuri at pagbabago ng kasalukuyang Elemento ng Pabahay; pagtukoy sa mga pangangailangan sa pabahay; pagkilala sa mga hadlang sa produksyon ng pabahay, kabilang ang mga hadlang sa mapagkukunan at paggamit ng lupa; at pagpapaunlad ng mga layunin at patakaran pati na ang mga programa upang mapatupad ang mga ito.

   Sa kasalukuyang klima ng bahay at ekonomiya, ang pangunahing pokus ng Elemento ng Pabahay ay ang pagtatanggal ng mga hadlang sa produksyon ng pabahay upang salungatin ang maaayos na dokumentadong pagkukulang sa pabahay; pagtugon sa kawalan ng tahanan;

at pagsiguro ng availability at patas na distribusyon ng abot-kayang pabahay sa buong Lungsod upang baligtarin ang mga kasalukuyang pattern ng paghihiwalay at matinding kahirapan.